# Kalagayang Pangkasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbabasa: Batayan sa Pagbuo ng Planong Pagpapaunlad sa Pagbasa

Rayna Rose B. Marticio
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Paaralang Gradwado, Sta. Mesa, Manila, Philippines
Corresponding Author e-mail: *raynarosemarticio@gmail.com*

**Received**: 07 July 2022 **Revised**: 24 July 2022 **Accepted**: 31 July 2022
**Available Online**: 01 August 2022

**Volume I (2022), Issue 3, ISSN: 2945-3577**

***Abstrak***
***Layunin:*** Ang pananaliksik na kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, batayan sa pagbuo ng planong pagpapaunlad sa pagbasa ay naglahad ng mga kalagayan pangkasanayan ng mga mag-aaral na nasa antas na *frustration level* sa isang mataas na paaralan sa Caloocan City.
***Metodolohiya:*** Ang kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa na batayan sa pagbuo ng planong pagpapaunlad sa pagbasa ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan na may kuwantitatibo-kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik. Samantala, mayroong 312 na mga mag-aaral sa ikawalong grado na nasa antas ng *frustration level*. Sila ay pinili sa pamamagitan ng *Purpossive Sampling Technique* at ang mga mag-aaral na may bilang na 20 mula sa *Focus Group Discussion (FGD)* ay pinili sa tulong ng *Convient Sampling Technique*. Nagsagawa ng Paunang Pangkatang Pagsusulit sa maunawang pagbasa sa taong panuruan na 2021-2022, ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) upang mapili ang mga mag-aaral. Mula naman sa pagkuha ng datos ay gumamit ng Sarbey-Kwestyoner sa pamamagitan ng *google form* na ipinadala sa mga mag-aaral. Ang Sarbey-Kwestyoner ay nabalido ng mga Puno ng Kagawaran ng Filipino, Masteradong Guro sa Filipino at 30 mga mag-aaral na hindi respondente. Bilang karagdagan, gumamit ng *weighted mean* na nagmula sa Iskalang Likert. Ang panghuli, ay FGD upang mabigyang linaw ang iba pang impormasyon sa kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa.
***Resulta:*** Natuklasan sa isinagawang pag-aaral na ang mga mag-aaral na nasa *frustration level* ay malaki ang suliranin sa kalagayang pangkasanayan, gayunpaman ay naglalaan ng halaga para sa babasahin, may akses sa nakalimbag at digital na pormat na babasahin. Sa pagsasakatuparan ng programang Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong bilang interbensyong materyal ay sinukat ang antas ng pagbabasa ng mga mag-aaral na kinakitaan ng pag-unlad sa kaalaman, kasanayan, at kakayahan.
***Kongklusyon:*** Ang mga mag-aaral na nasa antas ng *"frustration level"* ay nararapat gumamit ng mga digital na pormat na mga babasahin upang mabilis na makaakses sa tulong ng *internet.*

***Susing Salita:*** Pandemya, Pagbasa, Pag-unlad, Sitwasyon.

## INTRODUKSYON

Ang gawain ng isang guro ay hindi mapapasubalian kung pagpapayabong ng kasanayan at kaalaman sa pagbasa ang usapan. Ang bawat guro ay nagnanais na makabuo ng mga plano at estratehiya sa pagpapaunlad sa kasanayan ng mag-aaral upang makamtan ang pinakamataas na pagpapabuti sa pagbabasa, batay kay Steiner, L. (2010). Sa sarbey para sa mga mambabasa na isinagawa ng National Book Development Board o NBDB (2017), ipinapakita ng resulta na karamihan sa mga naging respondente ay nagbabasa ng iba't ibang uri ng babasahin. Sa katunayan, sa kabuuang bilang na 1,020 na respondente ng isinagawang sarbey, may 84.99 na porsyento ng mga kalahok na mga kabataan, na nasa anim hanggang labing pitong taong gulang ay nagsasabing nakabasa sila ng mga nakaimprentang libro sa nakalipas na labindalawang buwan. Ipinakita rin ng sarbey na nagbabasa ng dalawang nakadigital na pormat na mga babasahin ang mga mag-aaral. May 23.98 na porsyento ng mga respondente ang nagbabasa sa *e-book* at 15.08 porsyento naman ang nagsabing nakakapakinig sila ng mga audiobook na babasahin sa nakaraang labindalawang buwan.

Gayong ang mga mag-aaral ay nakapagbabasa ng iba't ibang uri ng babasahin, at ang mga guro ay lagi nang may intensyon na pabutihin pang lalo ang kasanayan sa pagbabasa ng mag-aaral, ang resulta ng isinagawang Paunang Pangkatang Pagsusulit sa Maunawang Pagbasa ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) para

sa taong panuruan 2021-2022 ay nakapanghahamon sa kakayahan ng mga guro na tulungang mapataas pa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Batay kasi sa datos ng Phil-IRI (2021) sa isinagawang pangkatang pagsusulit sa maunawang pagbasa ay marami sa mga mag-aaral mula sa isang mataas na paaralan sa Caloocan City ang nakakuha ng nasa antas na Hindi Nakababasa (HN) o nasa *Frustration Level*. May kabuuang bilang na 312 ang mga mag-aaral na nakakuha ng nasa antas na HN sa banggit na paaralan. Batay sa pananaliksik nina Nava, F. J. & Pado, F. E. (2017), ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI), ay isang programa na unang naipatupad noong taong panuruan 2011-2012 ng Bureau of Elementary Education, (na ngayon ay Bureau of Learning Delivery) ng Kagawaran ng Edukasyon, layunin ng programang ito na matukoy ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sinabi ni Directo, M. B. (2021) ang Phil-IRI ay binuo upang gamitin ng mga guro sa loob ng silid-aralan na sukatin at mailarawan ang antas ng kasanayan sa pagbasa (Independent, Instructional, at Frustration) ng mga mag-aaral gamit ang iba't ibang plataporma sa pakikipagkomunikasyon. Ito ay binuo bilang suporta sa proyektong Every Child A Reader Program (ECARP), upang matulungan ang mga guro na makalikha at makapagbahagi ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo sa epektibong pagbabasa upang mapaunlad at mapahusay ang antas at kakayahan sa pagbabasa ng mga mag-aaral.

May tatlong estratehiya ang Phil-IRI upang tasahin ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral: Tahimik na Maunawang Pagbasa (*Silent Reading Comprehension*), Pakikinig na Maunawang Pagbasa (*Listening Reading Comprehension*), at Pasalitang Maunawang Pagbasa (*Oral Reading Comprehension*). Ang Tahimik na Maunawang Pagbasa o *Silent Reading Comprehension* ay ginagamit upang ilarawan ang bilis at pag-unawa sa pagbasa. Sa ganitong proseso ay itinatala ang oras habang binabasa ng mag-aaral ang isang teksto o sipi. Ang Pakikinig na Maunawang Pagbasa o *Listening Reading Comprehension* ay ginagamit upang masuri ang pag-unawa sa pakikinig. Binabasa ng tagapangasiwa ang sipi o teksto na bahagi ng pagsusulit at sasagutin ng mga mag-aaral ang lima hanggang walong tanong kaugnay sa teksto. Samantala, ang Pasalitang Maunawang Pagbasa o *Oral Reading Comprehension* ay ginagamit upang matukoy ang pagkilala sa salita, katatasan at pag-unawa na sinusukat sa pamamagitan ng isang *Reading Miscue Inventory*.

Bilang isa sa mga guro Filipino sa Caloocan City, isa sa gampaning nakaatang sa mananaliksik ay ang tanggapin ang hamon na paunlarin ang kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Kaya naman upang magampanan ito ay tutulungan ng mananaliksik ang mga mag-aaral na nasa antas HN na mapaunlad ang kanilang antas ng pagbasa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang interbensyong proyekto na katuwang sa pagkikinis ng materyal ang iba pang guro sa Filipino sa Caloocan City

**Layunin**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ang kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa upang makabuo ng batayan na planong pagpapaunlad sa pagbasa.

1. Nailalahad ang mga karaniwang kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral na nasa antas na *"Frustration Level"* mayroon ang isa sa mga piling paaralan sa Caloocan City;
2. Naiisa-isa ang mga salik na nakakaapekto sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa aspektong pinansyal, uri ng babasahin, akses, at relasyong pampamilya;
3. Naipapatupad ang interbensyong materyal na nabuo upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral na nasa antas na *"Frustration Level"* sa isang mataas na paaralan sa Caloocan City; at
4. Naisasabuhay ang mga pag-unlad na natamo sa pagbabasa matapos isagawa ang proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong batay sa kaalaman, kasanayan, at kakayahan.

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa ay batayan sa pagbuo ng planong pagpapaunlad sa pagbasa ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan na may kuwantitatibo-kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik. Binigyang-kahulugan ni Babbie (2010), ang kuwantitatibong pananaliksik na ginagamitan ng estadistika, matematikal o numerikal na pag-aanalisa ng mga datos na nakolekta. Pokus nito ang mangalap ng datos na nasa numero at maaaring masaklaw nito ang isang grupo ng tao upang mailarawan ang isang partikular na penomena. Para sa pag-aaral na ito gumamit ng Talatanungan at Sarbey-Kwestyoneyr bilang instrumento. Sinabi nina Manuel, & Mendel (1976), na ang deskriptibo-kuwalitatibong pananaliksik ay nagpapakita ng pag-aanalisa, pagbibigay interpretasyon at ebalwasyon sa kasalukuyang ginagawa o kalagayan, at mga isyung importante sa isang tao o pangkat ng mga tao. Sumasaklaw din ito sa mga pangyayari sa kasalukuyang panahon. Kaugnay nito,

ang kuwalitabong pananaliksik ay ginamit upang malayang mailarawan ang mga datos na nakalap sa pananaliksik. Ang *Semi-Structured Interview Questionaire* ang instrumentong ginamit para sa pananaliksik na ito. Samantala, mayroong 312 na mga mag-aaral sa ikawalong grado na nasa antas ng *frustration level* at 27 na guro ng Kagawaran ng Filipino ang kabuuang respondente ng pag-aaral. Ang kabuuang bilang ng respondente ay 339. Sila ay pinili sa pamamagitan ng *Purpossive Sampling Technique* at ang mga mag-aaral na may bilang na 20 mula sa mga mag-aaral na nasa ikawalong grado na nasa antas ng *frustration level* ang lumahok sa *Focus Group Discussion (FGD)*, pinili sa tulong ng *Convient Sampling Technique*. Nagsagawa ng Paunang Pangkatang Pagsusulit sa maunawang pagbasa sa taong panuruan na 2021-2022 ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) upang mapili ang mga mag-aaral na lalahok sa pag-aaral. Mula naman sa pagkuha ng datos ay gumamit ng Sarbey-Kwestyoner sa pamamagitan ng *google form* na ipinadala sa mga mag-aaral. Ang Sarbey-Kwestyoner ay nabalido ng mga Puno ng Kagawaran ng Filipino, Masteradong Guro sa Filipino at 30 mga mag-aaral na hindi respondente sa pananaliksik. Bilang karagdagan, gumamit ng *weighted mean* na nagmula sa iskalang likert. Sa pangangalap ng datos, binigyang interpretasyon ang mga datos gamit ang iskalang Likert na naglalaman ng mga paglalarawan sa mga datos na nakalap. Para naman sa interbensyong pagbasa, isinasagawa ang lahat ng pagbabasa habang ang mga magulang ay may paggabay. Patuloy na isasagawa ng mga mag-aaral ang pagbabasa at pagsasagot sa mga tanong at gawain na kaakibat nito hanggang sa mapaunlad ang kanilang kaalaman, kasanayan at abilidad. Ang panghuli, ay FGD upang mabigyang linaw ang iba pang impormasyon sa kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa.

**RESULTA at PAGTALAKAY**

Ang mga nakalap na datos ay ginamitan ng *Weighted Mean*, at ng *Likert Scale* upang masusing siyasatin at tayain ang mga datos.

1.Kalagayang Pangkasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral na nasa antas na "Hindi Nakakabasa" o *"Frustration Level"* sa isang piling mataas na paaralan sa Caloocan City.

Talahanayan 1. Kalagayang Pangkasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbabasa

| Kalagayang Pangkasanayan | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain ang mensahe, ideya, at salita sa tekstong kanilang binabasa. | 4.83 | LSA |
| Nagkakaroon ng mababang marka o bahagdan ang mga mag-aaral sa mga inihandang pagsusulit sa maunawang pagbasa. | 4.82 | LSA |
| Nagkakaroon ng mababang komprehensiyon ang mga mag-aaral na nagpapakita ng kakulangan sa semantikang pag-unawa dahil sa kakapusan sa pagbibigay ng kahulugan ng mga salita. | 4.80 | LSA |
| Nagkukulang at nagkakaroon ng suliranin ang mga mag-aaral sa kakayahang umunawa ng kanilang binabasa lalo na sa kritikal at malikhaing pagbasa. | 4.79 | LSA |
| Nahihirapan ang mga mag-aaral na makalikha ng isang mental na representasyon ng isang teksto dahil sa komplikadong interaksyon mula sa awtomatiko, estratehiko, at kognitibong proseso ng pag-unawa. | 4.51 | LSA |
| Weighted Mean | 4.75 | LSA |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Lehende | 4.50-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LSA) |
| | 3.50-4.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |
| | 2.50-3.49 | - | Hindi Sumasang-ayon (HSA) |
| | 1.50-2.49 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS) |
| | 1.00-1.49 | - | Walang Komento (WK) |

Ang pamantayang "nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain ang mensahe, ideya, at salita sa tekstong kanilang binabasa" ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.83 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nagkakaroon ng mababang marka o bahagdan ang mga mag-aaral sa mga inihandang pagsusulit sa maunawang pagbasa" ay nakakuha naman ng mean na 4.82 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nagkakaroon ng mababang komprehensiyon ang mga mag-aaral na nagpapakita ng kakulangan sa semantikang pag-unawa dahil sa kakapusan sa pagbibigay ng kahulugan ng mga

salita" ay nakakuha naman ng mean na 4.80 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nagkukulang at nagkakaroon ng suliranin ang mga mag-aaral sa kakayahang umunawa ng kanilang binabasa lalo na sa kritikal at malikhaing pagbasa" ay nakakuha ng mean na 4.79 na may deskripsyon ng Lubos na Sumasang-ayon (LSA). At ang pamantayang, "nahihirapan ang mga mag-aaral na makalikha ng isang mental na representasyon ng isang teksto dahil sa komplikadong interaksyon mula sa awtomatiko, estratehiko, at kognitibong proseso ng pag-unawa" ay nakakuha ng pinakamababang mean na 4.51 gayumpaman ay may parehong deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Sa kabuuan, ang weighted mean na 4.75 ay may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon o LSA.

Batay sa sinabi ni Guerero, D. A. (2021), ang mga mag-aaral na hirap maunawaan ang mga mensahe, ideya, at salita ng tekstong binabasa ay isa sa mahalagang hamon na kinakaharap ng mga guro. Pinatotohanan naman ito ni Leipzig (2001), na nagsasabing isang komplikadong proseso na maaaring ihalintulad sa isang sasakyan ang pagbabasa. May sariling sistema na kailangang panatilihin at ang pinakamahalaga ay ang patuloy na paggamit dito upang masiguro ang kahusayan nito.

Batay naman kay Garcia, C. K. (2021), ang mga mag-aaral ay nakakakuha ng mababang marka sa pagbabasa dahil sa hindi maunawaan nang lubusan ang tekstong kanilang binabasa. Sa pahayag naman nina Apostol, A. & Garzon, C. (2021), mababa ang nakukuhang marka ng mga mag-aaral dahil sa kulang ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa teksto na kanilang binabasa. Sinang-ayunan naman ito ni Tanaleon, F. (2021), na nagsasabing ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng mababang antas sa pag-unawa sa pagbasa dahil sa kakulangan sa pagbibigay ng kahulugan sa salita- mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat.

Ayon sa inilahad ni Bagay, T. (2021), nahihirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa dahil sa masyadong malalalim ang mga salitang nababasa sa isang teksto. Pinatotohanan din ito nina Cortez, A. & Bamba, S. (2021), na ang mga teksto ay naglalaman ng mga salitang may malalim na kahulugan kung kaya't ang mga mag-aaral ay nahihirapan unawain ang mga ideya, at mensahe ng binabasang teksto.

2. Mga salik na nakakaapekto sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa aspektong pinansyal, uri ng babasahin, akses, at relasyong pampamilya.

Matutunghayan sa talahanayan ang layunin ng mananaliksik na bumuo ng interbensyong materyal sa pagbasa upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral ukol sa pagbabasa. Sinikap ng mananaliksik na alamin ang mga bagay na maaaring bigyan konsiderasyon sa pagbuo ng materyal kung kaya't inalam ang pinansyal na kalagayan, uri ng babasahin, aksesibilidad, at relasyong pampamilya ng mga respondenteng mag-aaral.

Talahanayan 2. Pinansyal na Paglalaan para sa Pagbili ng Babasahin

| Halagang Laan sa Pagbili ng Babasahin | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Naglalaan ng 99 pesos ang mga mag-aaral upang makabili ng libro o mga babasahin. | 4.86 | LSA |
| Naglalaan ng 160 hanggang 250 pesos ang mga mag-aaral upang makabili ng libro o mga babasahin. | 4.80 | LSA |
| Naglalaan ng 100 hanggang 150 pesos ang mga mag-aaral upang makabili ng libro o mga babasahin. | 4.59 | LSA |
| Naglalaan ng 260 hanggang 350 pesos ang mga mag-aaral upang makabili ng libro o mga babasahin. | 4.43 | SA |
| Naglalaan ng 360 hanggang 500 pesos ang mga mag-aaral upang makabili ng libro o mga babasahin. | 3.81 | SA |
| Weighted Mean | 4.49 | SA |

| Lehende | | | |
|---|---|---|---|
| | 4.50-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LSA) |
| | 3.50-4.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |
| | 2.50-3.49 | - | Hindi Sumasang-ayon (HSA) |
| | 1.50-2.49 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS) |
| | 1.00-1.49 | - | Walang Komento (WK) |

Ang pamantayang "naglalaan ng 100 hanggang 150 pesos ang mga mag-aaral upang makabili ng libro o mga babasahin." ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.86 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "naglalaan ng 160 hanggang 250 pesos ang mga mag-aaral upang makabili ng libro o mga babasahin" ay nakakuha naman ng mean na 4.80 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "naglalaan ng 99 pesos ang mga mag-aaral upang makabili ng libro o mga babasahin" ay nakakuha naman ng mean na 4.59 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "naglalaan ng 260 hanggang 350 pesos ang mga mag-aaral upang makabili ng libro o mga babasahin." na may mean na 4.43 ay may deskripsyon na Sumasang-ayon (SA). At ang pamantayang, "naglalaan ng 360 hanggang 500 pesos ang mga mag-aaral upang makabili ng libro o mga babasahin" ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.81 na may deskripsyon ding Sumasang-ayon (SA). Sa kabuuan, ang weighted mean na 4.49 ay may deskripsyon na Sumasang-ayon o SA.

Batay sa inilabas na resulta ng National Book Development Board (NBDB) (2017), handa ang mga kabataan na maglaan ng salapi para sa mga aklat na kanilang babasahin. Sa isinagawa nilang pag-aaral 21.35 na bahagdan ng mga kabataan ang nasabi na handa silang maglaan ng 200 hanggang 590 na piso para sa mga babasahing nakaimprenta man o nakadigital. Kaugnay nito, ayon kina Perino, J. C., et. al. (2021), handa silang maglaan ng 150 pesos upang makabili ng babasahing libro. Gayundin ang naging pahayag nina Gaemal, Garcia, & Sabugo (2021), na naglalaan ng 100 hanggang 150 pesos para makabili ng kanilang mga kinahihiligang babasahing libro, upang mahasa ang kanilang kasanayan sa pagbabasa. Samantala, sinabi naman nina Dumali, A., et. al. (2021), na nagtatabi sila ng halagang 200 hanggang 250 pesos para makabili ng mga napupusuan nilang mga libro na patok sa masa, mga babasahing nakakatuwa at angkop sa kanilang mga edad. Dagdag pa nina Apostol, Garzon, & Perez (2021), sila naman ay naglalaan talaga ng 300 hanggang 350 pesos para sa mga babasahing napapanahon at kapupulutan ng mga aral.

Ang mga mag-aaral ay naglalaan nang kusa ng mga halagang nabanggit sa itaas upang makabili ng kanilang mga kinahihiligang mga babasahing libro na napapanahon at kapupulutan ng aral. Ito ay makakatulong sa pagpapahusay at pagpapaunlad ng kanilang pag-unawa sa pagbasa. Ito ang magiging daan upang mahasa ang kanilang kasanayan sa pagbasa lalo na kung nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain ang ideya at mensahe sa isang teksto.

Ang susunod na talahanayan ay tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa aspektong uri ng babasahin.

Talahanayan 3. Mga Salik na Nakakaapekto sa Pag-uugali ng mga Mag-aaral sa Pagbabasa Batay sa Rekomendasyong Babasahin

| Uri ng Babasahin | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Nailathala na mga babasahin ng mga eksperto at mga dalubhasa sa wika at panitikan. | 4.88 | LSA |
| Nagkamit ng mga parangal na mga babasahing aklat tulad ng nakalagay sa pabalat ng aklat na *National BestSeller.* | 4.80 | LSA |
| Nagmula ang mga babasahin sa mga premyado o mga paboritong awtor ng isang aklat o akda. | 4.78 | LSA |
| Naglalaman ang mga babasahin ng malakas na dating na nangangahulugang may nabago sa pananaw, may nadagdag sa kaalaman, nalibang, nasaktan, natawa, o nalungkot habang nagbabasa. | 4.72 | LSA |
| Nairekomenda na mga babasahin ng mga kaibigan, mga article online, mga research atbp. | 4.66 | LSA |
| Weighted Mean | 4.77 | LSA |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Lehende | 4.50-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LSA) |
| | 3.50-4.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |

| | | |
|---|---|---|
| 2.50-3.49 | - | Hindi Sumasang-ayon (HSA) |
| 1.50-2.49 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS) |
| 1.00-1.49 | - | Walang Komento (WK) |

Makikita sa Talahanayan 3 ang mga salik na nakakaapekto sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa aspektong uri ng babasahin.

Ang pamantayang "nailathala na mga babasahin ng mga eksperto at mga dalubhasa sa wika at panitikan" ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.88 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nagkamit ng mga parangal na mga babasahing aklat tulad ng nakalagay sa pabalat ng aklat na *National Bestseller"* ay nakakuha naman ng mean na 4.80 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nagmula ang mga babasahin sa mga premyado o mga paboritong awtor ng isang aklat o akda" ay nakakuha naman ng mean na 4.78 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "naglalaman ang mga babasahin ng malakas na dating na nangangahulugang may nabago sa pananaw, may nadagdag sa kaalaman, nalibang, nasaktan, natawa, o nalungkot habang nagbabasa." ay may mean na 4.72 at may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). At ang pamantayang, "nairekomenda na mga babasahin ng mga kaibigan, mga *article online*, mga research atbp." ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.66 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Sa kabuuan, ang weighted mean na 4.77 ay may deskripsyong na Lubos na Sumasang-ayon o LSA.

Sinasabi ni Padilla, S. (2021), ang mga aklat o akdang nagkamit ng mga parangal mula sa mga patimpalak sa pagsulat ng mga akdang pampanitikan ang isa sa mga dapat piliing basahin ng mga mag-aaral sapagkat ito ay nasuri na ng mga eksperto at mga dalubhasa sa wika at mga nag-aaral ng wika at panitikan. Aksesibol naman ang mga *award winning works, noble prizes, palanca awards*, atbp., sapagkat ang mga ito ay matatagpuan rin sa online book store, o e-book atbp. Inilahad naman ni Dequillo, Z. G., et. al. (2021), na mas magandang basahin ang mga aklat na naka-digital na nanalo sa paligsahan dahil bukod sa ito ay libreng na*idownload* sa *internet*, ito rin ay nabasa ng mga eksperto. Sinang-ayunan din ito nina Restan, C. & Garzon C. (2021), na ang mga babasahing nanalo sa mga palanca awards, at nagkamit ng *noble prizes* na naka-*digital* na pormat ay isa sa mga inererekomendang babasahin ng kanilang mga kakilala at kaibigan dahil ito ay tiyak na kapupulutan ng aral. Sinabi naman nina Perez, C. et. al. (2021), na karamihan sa kanilang binabasa ay mga teksto o akda na sinulat ng mga premyadong manunulat, dahil sila ay mga eksperto na at mas bihasa sa paglikha ng mga babasahing pang-masa. Dagdag pa nina Gamboa, D. & Misagal, D. (2021), na mas paborito nilang basahin ang mga babasahing may malakas na dating sa kanila, 'yung mga babasahing nakakalibang, kapupulutan ang mga aral, at nakapagpapadama ng tuwa at lungkot habang nababasa ang libro.

Ang susunod na talahanayan ay tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa aspektong akses.

Talahanayan 4. Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagbabasa Batay sa Akses sa Babasahin

| Uri ng Babasahin Batay sa Akses | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Nagbabasa ng mga naka-*digital* na pormat na mga babasahin ang mga mag-aaral. | 4.84 | LSA |
| Nagbabasa ng mga naka*e-book* na babasahin ang mga mag-aaral. | 4.83 | LSA |
| Nagbabasa ng mga nakalimbag na babasahin na printed o nakaimprentang akda. | 4.72 | LSA |
| Nakakapakinig ng naka*audiobook* na babasahin ang mga mag-aaral. | 4.51 | LSA |
| Nagbabasa ng mga babasahin mula sa mga *websites* ang mga mag- aaral. | 4.13 | SA |
| Kabuuan | 4.60 | LSA |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Lehende | 4.50-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LSA) |
| | 3.50-4.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |
| | 2.50-3.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |

| | | |
|---|---|---|
| 1.50-2.49 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS) |
| 1.00-1.49 | - | Walang Komento (WK) |

Ang pamantayang "nagbabasa ng mga nakadigital na pormat na mga babasahin ang mga mag-aaral" ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.84 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nagbabasa ng mga naka*e-book* ang mga mag-aaral" ay nakakuha naman ng mean na 4.83 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nagbabasa ng mga nakalimbag na babasahin ang mga mag-aaral" ay nakakuha naman na mean na 4.72 na may deskripsyon na na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nakakapakinig ng nakaaudiobook ang mga mag-aaral" na may mean na 4.51 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). At ang pamantayang, "nagbabasa ng mga babasahin mula sa mga *websites* ang mga mag-aaral" ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.13 na may deskripsyon na Sumasang-ayon (SA). Sa kabuuan, ang weighted mean na 4.60 ay may deskripsyong Lubos na Sumasang-ayon o LSA.

Ayon sa pahayag nina Cerdon, K. R., et. al. (2021), mas makakabuti sa mga mag-aaral na magbasa ng mga nadownload na mga nakadigital pormat na babasahin upang mas mapadali ang kanilang pagsasanay sa pagbabasa. Sinasabi rin nina Gamboa, D. Garzon, C. & Misagal, D. (2021), na ang mga naka-digital na mga babasahin ay mas aksesibol ngayong panahon dahil sa ito ay madaling mahanap sa *internet* at may mga websites na nagpapahintulot na libreng i*download* ng mga babasahing angkop sa hilig at interes ng mga mag-aaral. Dagdag naman nina Rosal, J. & Bernal, J. (2021), na nagbabasa sila ng mga naka*e-book* na babasahin dahil ito ay nakakaaliw basahin at kapupulutan ng mga aral. Inilahad naman nina Impuesto, J. et. al. (2021), na nakakapag*download* sila ng mga *e-book* at mga naka-*audiobook* na mga babasahin sa kanilang mga gadyets, binabasa at pinapakinggan nila ang mga ito at sinusuri kung ano ang nais iparating ng teksto o babasahin.

Batay naman sa pananaliksik ng Media Ownership Monitor Philippines (MOM), (2020) lumabas sa kanilang isinagawang pag-aaral na 9.3 bahagdan ng mga Pilipino ay nagbabasa ng mga babasahin nakadigital na pormat sa araw-araw; 27.8 bahagdan naman ang nagbabasa ng babasahing nakadigital na pormat isang beses sa isang linggo. Samantala, Batay naman sa resulta ng sarbey na inilabas ng National Book Development Board (NBDB) (2017) ang mga mambabasa ay napapakita na nagbabasa ng dalawang nakadigital na pormat na mga babasahin. 23.98 na bahagdan sa mga ito ay nagbabasa mula sa *e-book* at 15.08 na bahagdan naman ang nasasabing nakikinig sila ng mga audiobook na babasahin sa nakaraang labindalawang buwan.

Ang mga mag-aaral batay sa mga pahayag sa itaas ay nakakaakses ng mga babasahing *online* sa iba't ibang *websites* at nakakapag*download* nang libre ng mga babasahing nakadigital na pormat batay sa kanilang hilig at interes upang mas mapadali ang kanilang pagsasanay sa pagbabasa. Sa pagbuo ng interbensyong babasahin, isinaalang-alang ng mananaliksik ang hilig ng mga maag-aaral at aksesibilad sa pagpili ng iba't ibang babasahin.

Ang susunod na talahanayan ay tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa aspektong relasyong pampamilya.

Talahanayan 5. Mga Salik na Nakakaapekto sa Pag-uugali ng mga Mag-aaral sa Pagbabasa Batay sa Relasyong Pampamilya

| Relasyong Pampamilya | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Napakahalaga ng relasyon ng bawat miyembro ng pamilya sapagkat ito ang pundasyon ng isang mag-aaral upang maging matagumpay at maging mahusay sa iba't ibang kasanayan. | 4.86 | LSA |
| Nakapagbabahagi ang pamilya sa pagkatuto ng isang mag-aaral, sapagkat dito natutunan ang kauna-unahang aral na kailangan sa buhay. | 4.70 | LSA |
| Nagkakaroon ng pananagutan ang bawat miyembro ng pamilya sa isa't isa sa pamamagitan ng pagmamalasakit, pagmamahal, at pagtutulong-tulong ng bawat kasapi ng pamilya na magtagumpay ang bawat isa lalo na sa usapin sa pag-aaral. | 4.49 | SA |

| | | |
|---|---|---|
| Nahuhulma sa pamilya ang pagkatao at personalidad ng bawat miyembro ng pamilya na nakaugnay sa produktibong pagkatuto ng mga kasanayan ng mga mag-aaral. | 4.27 | SA |
| Napapanatili ng bawat pamilya ang mabuting komunikasyon at pagsasama-sama upang madaling magkaunawaan sa mga bagay na dapat unahin at bigyan ng pansin lalo na ang suliranin sa pagkatuto ng mga miyembro ng pamilya na kasalukuyang nag-aaral. | 4.18 | SA |
| Weighted Mean | 4.50 | LSA |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Lehende | 4.50-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LSA) |
| | 3.50-4.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |
| | 2.50-3.49 | - | Hindi Sumasang-ayon (HSA) |
| | 1.50-2.49 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (HSA) |
| | 1.00-1.49 | - | Walang Komento (WK) |

Ang pamantayang "napakahalaga ng relasyon ng bawat miyembro ng pamilya sapagkat ito ang pundasyon ng isang mag-aaral upang maging matagumpay at maging mahusay sa iba't ibang kasanayan" ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.86 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nakapagbabahagi ang pamilya sa pagkatuto ng isang mag-aaral, sapagkat dito natutunan ang kauna-unahang aral na kailangan sa buhay," ay nakakuha naman ng mean na 4.70 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nagkakaroon ng pananagutan ang bawat miyembro ng pamilya sa isa't isa sa pamamagitan ng pagmamalasakit, pagmamahal, at pagtutulong-tulong ng bawat kasapi ng pamilya na magtagumpay ang bawat isa lalo na sa usapin sa pag-aaral" ay nakakuha naman ng mean na 4.49 na may deskripsyon na Sumasang-ayon (SA). Ang pamantayang, "nahuhulma sa pamilya ang pagkatao at personalidad ng bawat miyembro ng pamilya na nakaugnay sa produktibong pagkatuto ng mga kasanayan ng mga mag-aaral" na may mean na 4.27 ay may deskripsyon na Sumasang-ayon (SA). At ang pamantayang, "napapanatili ng bawat pamilya ang mabuting komunikasyon at pagsasama-sama upang madaling magkaunawaan sa mga bagay na dapat unahin at bigyan ng pansin lalo na ang suliranin sa pagkatuto ng mga miyembro ng pamilya na kasalukuyang nag-aaral" ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.18 na may deskripsyon na Sumasang-ayon (SA). Sa kabuuan, ang weighted mean ay nakakuha ng 4.50 at may deskripsyong Lubos na Sumasang-ayon o LSA.

Ayon sa kinapanayam na si Marquez, M. T., et. al. (2018), ang relasyon ng bawat pamilya ay nagkakaroon ng napakalaking impluwensya sa isang tao, sapagkat dito natutunan ng isang tao ang kauna-unahang ara, matatag na pamilya ang nagiging pundasyon ng lahat ng dakilang bansa. Kaugnay nito, ipinahayag nina Rodriguez, J. & Pangilinan, K. (2021) na ang pagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nagsisimula sa pundasyon ng kanilang pamilya na mapataas at mapahusay ang kasanayan sa pagbasa ng kanilang miyembro ng pamilya.

Ayon kina Cedron, K. et. al. (2021), napakahalaga ng pagmamalasakit, at pagtutulungan ng bawat miyembro ng pamilya sa pagkatuto ng isang kabataan. Sinasabi rin nina Cabunganay, M. & Lorenzo, L. (2021), na mas ginaganahan mag-aral at magbasa kapag ginagabayan at tinutulungan ng kanilang magulang sa pag-unawa sa pagbasa. Inilahad naman nina Reyes, M. et. al. (2021), na makabubuti para sa mga mag-aaral ang paggabay at pagmamahal ng kanilang mga kapamilya sa pagtatagumpay sa pagkatuto ng mga kasanayan na kailangang linangin.

Sa interbensyon o planong pagpapaunlad sa pagbasa na binuo ng mananaliksik ay kinakailangang bigyan ng konsiderasyon ang relasyon ng bawat pamilya tulad na lamang ng mga mag-aaral na hirap na unawain ang mga teksto. Sa tulong ng mga magulang, at mga kapamilya, magagabayan ang mga mag-aaral upang maging matagumpay at maging mahusay sa iba't ibang kasanayan.

Ang susunod na talahanayan ay tungkol sa kabuuang tugon sa mga salik na nakakaapekto sa pagbabasa.

Talahanayan 6. Kabuuang Tugon sa mga Salik na Nakakaapekto sa Pagbabasa

| Kabuuang Tugon sa mga Salik na Nakakaapekto sa Pagbabasa | Weighted Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Uri ng Babasahin | 4.77 | LSA |
| Akses | 4.60 | LSA |
| Relasyong Pampamilya | 4.50 | LSA |
| Pinansyal | 4.49 | SA |
| Grand Mean | 4.59 | LSA |

| Lehende | | | |
|---|---|---|---|
| | 4.50-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LSA) |
| | 3.50-4.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |
| | 2.50-3.49 | - | Hindi Sumasang-ayon (HSA) |
| | 1.50-2.49 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS) |
| | 1.00-1.49 | - | Walang Komento (WK) |

Makikita sa Talahanayan 6 ang kabuuang tugon sa mga salik na nakakaapekto sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa aspektong pinansyal, uri ng babasahin, akses at relasyong pampamilya.

Ang pamantayang "uri ng babasahin" ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.77 na may deskripsyong LSA. Ang pamantayang, "akses" ay nakakuha naman ng weighted mean na 4.60 na may deskripsyon na LSA. Ang pamantayang, "relasyong pampamilya" ay nakakuha naman weighted mean na 4.50 na may deskripsyon na LSA. At ang pamantayang, "pinansyal" na nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.49 na may deskripsyon LSA. Sa kabuuan, ang grand mean ay nakakuha ng 4.59 na may deskripsyon na LSA.

Sa kabuuang tugon sa mga salik na nakakaapekto sa pagbabasa ay nakakuha ng unang ranggo ang uri ng babasahin, ikalawa ang akses, ikatlo ay ang relasyong pampamilya, at ang huli ay ang pinansyal. Kaugnay nito, ang mananaliksik ay magsasagawa ng interbesyon o planong pagpapaunlad sa pabasa batay sa lumabas na sarbey sa mga mag-aaral. Ang Uri ng babasahin at ang akses na nagkamit ng unang ranggo ay makaktulong upang matagumpay na mabuo ang interbensyong ito. Gayundin ang salik na relasyong pampamilya at ang pinansyal na nagkamit ng ikatlo at ikaapat na ranggo ay gagamiting gabay sa pagpapatupat ng interbensyon.

3. Ang Husay at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong Bilang Pagpapaunlad sa Pagbasa.

Ang proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong na isang interbensyon o planong pagpapaunlad sa pagbasa para sa mga mag-aaral ay programa sa pagbabasa na inilaan upang gawing mahuhusay at makabuluhan ang mga mag-aaral na nahihirapang bumasa.

Ang Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong ay isang interbensyong materyal na binuo upang matulungan ang mga mag-aaral na nasa antas ng *"Frustration Level"* na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa. Binubuo ang D.A.P.A.T. ng mga planong pagpapaunlad sa pagbasa, ang proseso ng pagsasagawa nito, gayundin ang mga nakadigital na pormat na mga babasahin. Mababasa sa mga nakadigital pormat na mga babasahin ang mga teksto mula sa mga premyadong babasahin, *National bestseller, award winning works, noble prizes, palanca awards,* at ang ilan ay mula sa inerekomendang babasahin ng mga *Booklover*. Ang materyal ay may limbag at digital na pormat upang ikonsidera ang aksesibilidad sa mag-aaral. Sa pagsasapraktika ng proseso ng pagpapaunlad sa pagbasa ay katuwang ng mananaliksik ang mga magulang gayundin ang mga guro ng paaralan.

Ang proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong ay nilahukan ng lahat ng mag-aaral na nakakuha ng 13 pababa na marka batay sa inilabas na resulta ng isinagawang pagsusulit sa maunawang pagbasa ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI), may kabuuang bilang na 312 ang napabilang sa ganitong kalagayan. Sa implementasyon ng proyekto na isinagawa sa mga tahanan ng mga mag-aaral ay nagbibidyo habang nagbabasa ng mga nakadigital pormat na mga babasahin at kinahihiligan nilang babasahin ang mga mag-aaral. Sa pagtatasa at paghasa sa kasanayan sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral ay isinasagawa ang Pasalitang Maunawang Pagbasa (*Oral Reading Comprehension)*, Tahimik na Maunawang Pagbasa (*Silent Reading Comprehension*), at ang Pakikinig na Maunawang Pagbasa (*Listening Comprehension of Reading*). Ang mga estratehiyang ito ay nakatulong sa ikapagtatagumpay ng implementasyon ng proyekto, na kung saan nakatulong

ito sa pagpapahusay at pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral kaugnay sa pinakalayunin na paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa.
4.Mga pag-unlad na natamo sa pagbabasa matapos isagawa ang proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong.

Sa implementasyon ng proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong ay katuwang ang mga guro at magulang. Isinagawa ang pagbasang interbensyon sa tahanan ng mag-aaral. Para sa Pasalitang Maunawang Pagbasa, ibinibidyo ng mga mag-aaral ang kanilang pagbabasa at ito rin ang nagiging batayan ng pagtatasa na iwasto ang maling bigkas sa mga salita. Kasama rin sa tinataya ang bilis ng pagbabasa ng mag-aaral. Para naman sa Tahimik na Maunawang Pagbasa ang mga mag-aaral ay magbabasa ng mga nakadigital na pormat na mga babasahin o kaya ng kinahihiligan na mga libro, sasagutan ang inihandang mga katangan matapos mabasa ang teksto. At sa huli, para sa Pakikinig na Maunawang Pagbasa ay babasahin ng guro ang babasahing teksto at sasagutin ng mga mag-aaral ang inihandang katanungan ng guro kaugnay sa napakinggang babasahin.

Sa kabuuan ay tumagal ng anim na buwan ang proyekto, samantalang ang aktuwal na interbensyong pagbasa ay tumagal naman ng anim na linggo.

Talahanayan 7. Mga Pag-unlad na Natamo sa Pagbabasa Matapos Isagawa ang Proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong Batay sa Kaalaman

| Kaalaman | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Nakikilala ang mga kahulugan ng mga salita sa isang pahayag o akda. | 4.81 | LSA |
| Nauunawaan ng mambabasa ang kaisipang nakapaloob sa isang pahayag mula sa babasahin. | 4.79 | LSA |
| Nakakukuha ng mga ideya, kaisipan, at damdamin ng mga mambabasa. | 4.54 | LSA |
| Nalaman ang iba't ibang konsepto na ginamit ng may-akda sa babasahin. | 4.53 | LSA |
| Natuklasan ang mga makabuluhang mensahe sa binasang teksto o akda. | 4.33 | SA |
| Weighted Mean | 4.60 | LSA |

| Lehende | | | |
|---|---|---|---|
| | 4.50-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LSA) |
| | 3.50-4.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |
| | 2.50-3.49 | - | Hindi Sumasang-ayon (HSA) |
| | 1.50-2.49 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS) |
| | 1.00-1.49 | - | Walang Komento (WK) |

Makikita sa Talahanayan 7, ay mga pag-unlad na natamo sa pagbabasa matapos isagawa ang proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong batay sa kaalaman.

Ang pamantayang, "nakikilala ang mga ang kahulugan ng mga salita sa isang pahayag o akda" ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.81 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nauunawaan ng mambabasa ang kaisipang nakapaloob sa isang pahayag mula sa babasahin" ay nakakuha naman ng mean na 4.79 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nakakukuha ng mga ideya, kaisipan, at damdamin ng mga mambabasa." ay nakakuha naman ng mean na 4.54 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nalaman ang iba't ibang konsepto na ginamit ng may-akda sa babasahin" na may mean na 4.53 ay may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). At ang pamantayang, "natuklasan ang mga makabuluhang mensahe sa binasang teksto o akda" ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.33 na may deskripsyon na Sumasang-ayon (SA). Sa kabuuan, ang weighted mean na 4.60 ay may deskripsyong Lubos na Sumasang-ayon o LSA.

Ayon kina Padit, M., et. al. (2021), umuunlad ang mga mag-aaral sa pagbabasa dahil sa ginawa nila itong hilig at pinaglalaanan ng oras ang pagbabasa. Ipinahayag din nina Cortez, A. & Garcia, C. (2021), na mas madaling maunawaan ang mga kahulugan ng salita o pahayag dahil sa ang mag-aaral ay palaging nagbabasa.

Sa pagsasagawa ng interbensyong pagbasa ipinakita ng mga mag-aaral na mas nadagdagan ang kaalaman batay sa natamong resulta:

Talahanayan 8. Resulta ng Anim na Linggong Pagsasagawa ng Proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong para sa Pagpapaunlad ng Kaalaman ng mga Mag-aaral

| Antas ng Pag-unlad | Antas ng Pag-unlad Kada Linggo | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Unang Linggo | Ikalawang Linggo | Ikatlong Linggo | Ikaapat na Linggo | Ikalimang Linggo | Ikaanim na Linggo |
| *Independent* o Malayang Nakababasa | 88 | 112 | 125 | 200 | 267 | 312 |
| Instraksyunal na Nakababasa | 100 | 105 | 98 | 72 | 45 | 0 |
| Hindi Nakababasa o *Frustration* | 124 | 95 | 89 | 49 | 0 | 0 |
| Kabuuang Bilang ng Mag-aaral | 312 | 312 | 312 | 312 | 312 | 312 |

Makikita sa Talahanayan 8 ang resulta ng anim na linggong pagsasagawa ng proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong para sa pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral. Sa unang linggo ay may 88 na mga mag-aaral na nakakuha ng lebel ng pag-unlad na *Independent* o Malayang Nakababasa, 100 naman ang nakakuha ng lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 124 ang nanatili sa lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o *Frustration.* Sa ikalawang lingo, may 112 na mga mag-aaral na nakakuha ng lebel ng pag-unlad na *Independent* o Malayang Nakababasa, 105 naman ang nakakuha ng lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 95 ang nanakuha ng lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o Frustration. Sa ikatlong linggo ay may 125 na mga mag-aaral na nakakuha ng lebel ng pag-unlad na Independent o Malayang Nakababasa, 98 naman ang nakakuka ng lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 89 ang nanakuha ng lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o Frustration. Sa ikaapat na linggo ay may 200 na mga mag-aaral na nakakuha ng lebel ng pag-unlad na Independent o Malayang Nakababasa, 72 naman ang nakakuka ng lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 49 ang nanakuha ng lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o Frustration. Sa ikalimang linggo ay may 267 na mga mag-aaral na nakakuha ng lebel ng pag-unlad na Independent o Malayang Nakababasa. 45 naman ang nakakuka ng lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa. Mapapansing sa pagsapit ng ikaanim na lingo ng pagbasa ay may 312 na mga mag-aaral ang nakakuha ng lebel ang pag-unlad na *Independent* o Malayang Nakababasa at wala nang nasang lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at Hindi Nakababasa o Frustration.

Ang susunod na talahanayan ay tungkol sa mga pag-unlad na natamo sa pagbabasa matapos isagawa ang proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong batay sa kasanayan.

Talahanayan 9. Mga Pag-unlad na Natamo sa Pagbabasa Matapos Isagawa ang Proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong Batay sa Kasanayan

| Kasanayan | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Nakapagbabahagi ng mga bagong opinyon o interpretasyon kaugnay sa nabasang akda. | 4.88 | LSA |
| Nakabubuo ng mga bagong ideya o impormasyon mula sa kanyang nabasang akda. | 4.73 | LSA |
| Napapataas ang kalidad ng pag-unawa sa pagbabasa upang maging makabuluhan sa hinaharap. | 4.72 | LSA |
| Nahahasa ang kasanayan sa pag-unawa sa pagbabasa. | 4.48 | SA |

| | | |
|---|---|---|
| Nagagamit ang kasanayan sa pang-araw-araw na pamumuhay. | 4.27 | SA |
| Weighted Mean | 4.61 | LSA |

| Lehende | | | |
|---|---|---|---|
| | 4.50-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LSA) |
| | 3.50-4.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |
| | 2.50-3.49 | - | Hindi Sumasang-ayon (HSA) |
| | 1.50-2.49 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS) |
| | 1.00-1.49 | - | Walang Komento (WK) |

Makikita sa Talahanayan 9 na ang pamantayang, "nakapagbabahagi ng mga bagong opinyon o interpretasyon kaugnay sa nabasang akda" ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.88 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nakabubuo ng mga bagong ideya o impormasyon mula sa kanyang nabasang akda" ay nakakuha naman ng mean na 4.73 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "napapataas ang kalidad ng pag-unawa sa pagbabasa upang maging makabuluhan sa hinaharap" ay nakakuha naman ng mean na 4.72 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nahahasa ang kasanayan sa pag-unawa sa pagbabasa" na may mean na 4.48 na may deskripsyon na Sumasang-ayon (SA). At ang pamantayang, "nagagamit ang kasanayan sa pang-araw-araw na pamumuhay" ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.27 na may deskripsyon na Sumasang-ayon (SA). Sa kabuuan, ang weighted mean na 4.61 ay may deskripsyong Lubos na Sumasang-ayon o LSA.

Ayon kina Cedron, K. et. al. (2021), umunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral katulad na lamang ng pagbabahagi ng mga bagong kaalaman, kaisipan, ideya, at mga kaisipan batay sa mga babasahing napapanahon at kinahihiligan. Batay naman kina Reyes, M. & Santos, R. (2021), naging mahusay ang mga mag-aaral sa pagbubuo ng mga ideya mula sa teksto na kanilang binabasa na magagamit nila sa pang-araw-araw na buhay. Kaugnay rin ito sa sinabi nina Alonzo, et. al. (2021), na ang mga mag-aaral ay naging bihasa sa pagbabasa at nalinang ang kasanayan nila upang makapagbahagi ng mga opinyon tungkol sa nabasang akda na daan upang makapagpalaganap ng impormasyon.

Sa pagsasagawa ng interbensyong pagbasa ipinakita ng mga mag-aaral na mas nadagdagan ang kasanayan batay sa natamong resulta.

Talahanayan 10. Resulta ng Anim na Linggong Pagsasagawa ng proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong para sa Pagpapaunlad ng Kasanayan ng mga Mag-aaral

| Antas ng Pag-unlad | Antas ng Pag-unlad Kada Linggo | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Unang Linggo | Ikalawang Linggo | Ikatlong Linggo | Ikaapat na Linggo | Ikalimang Linggo | Ikaanim na Linggo |
| *Independent* o Malayang Nakababasa | 95 | 120 | 155 | 236 | 288 | 312 |
| Instraksyunal na Nakababasa | 107 | 105 | 102 | 45 | 24 | 0 |
| Hindi Nakababasa o *Frustration* | 110 | 87 | 55 | 31 | 0 | 0 |
| Kabuuang Bilang ng Mag-aaral | 312 | 312 | 312 | 312 | 312 | 312 |

Makikita sa Talahanayan 10 ang resulta ng anim na linggong pagsasagawa ng Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong para sa pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral. Sa unang linggo, may 95 na mga mag-aaral na nakakuha ng lebel na pag-unlad na *Independent* o Malayang Nakababasa, 107 naman ang nakakuka ng lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 110 ang nanakuha ng lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o *Frustration*. Sa ikalawang linggo, may 120 na mga mag-aaral na nasa lebel ng pag-unlad na Independent o Malayang Nakababasa, 105 naman ang nakakuha ng lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na

Nakababasa, at 87 ang nasa ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o Frustration. Sa pagsapit ng ikatlong lingo, may 155 na mga mag-aaral na nasa lebel ng pag-unlad na *Independent* o Malayang Nakababasa, 102 naman ang umangat sa lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 55 ang nanakuha ng lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o *Frustration*. Sa ikaapat na linggo, may 236 na mga mag-aaral ang nasa lebel ng pag-unlad na Independent o Malayang Nakababasa, 45 naman ang nanatili sa lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 31 ang nanakuha ng lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o *Frustration*. Sa ikalimang linggo ng interbensyonng pagbasa, may 288 na mga mag-aaral ang nasa lebel ng pag-unlad na Independent o Malayang Nakababasa. 24 naman ang nakakuka ng lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa. Sa ikaanim na linggo ng interbensyon, ang 312 na mga mag-aaral na nasa lebel na pag-unlad na *Independent* o Malayang Nakababasa. Samantalang, wala nang mag-aaral ang nasa lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at Hindi Nakababasa o *Frustration*.

Ipinakikita ng resulta na kada linggo ay may malaking pagbabago ang makikita sa mga mag-aaral. Ang ganitong kalagayan ay nagpapakita na ang pagbabasa araw-araw ay mahalaga.

Talahanayan 11. Mga Pag-unlad na Natamo sa Pagbabasa Matapos Isagawa ang Proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong Batay sa Kakayahan o Abilidad

| Kakayahan o Abilidad | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Naipapamalas ang talento at kakayahan sa mabisang pakikipagta-lastasan at pakikipag-kolaborasyon. | 4.73 | LSA |
| Napamumunuan ang isang maayos at epektibong samahan na may layuning masolusyonan ang napapanahong isyu sa lipunan. | 4.61 | LSA |
| Nasusuri ang mga datos o impormasyon na nakalap at nabibigyan ng kaugnay na pagtugon. | 4.48 | SA |
| Napapalawak ang imahinasyon batay sa kanyang mga nabasang teksto o babasahin. | 4.42 | SA |
| Nagaganyak ang sarili na magkaroon ng dedikasyon sa pagkamit ng layunin. | 4.32 | SA |
| Weighted Mean | 4.51 | LSA |

| Lehende | | | |
|---|---|---|---|
| | 4.50-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LSA) |
| | 3.50-4.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |
| | 2.50-3.49 | - | Hindi Sumasang-ayon (HSA) |
| | 1.50-2.49 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS) |
| | 1.00-1.49 | - | Walang Komento (WK) |

Makikita sa Talahanayan 11 ang mga pag-unlad na natamo sa pagbabasa matapos isagawa ang proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong batay sa kakayahan o abilidad.

Ang pamantayang, "naipapamalas ang talento at kakayahan sa mabisang pakikipagtalastasan at pakikipagkolaborasyon" ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.73 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "napamumunuan ang isang maayos at epektibong samahan na may layuning masolusyonan ang napapanahong isyu sa lipunan" ay nakakuha naman ng mean na 4.61 na may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (LSA). Ang pamantayang, "nasusuri ang mga datos o impormasyon na nakalap at nabibigyan ng kaugnay na pagtugon" ay nakakuha naman ng mean na 4.48 na may deskripsyon na Sumasang-ayon (SA). Ang pamantayang, "napapalawak ang imahinasyon batay sa kanyang mga nabasang teksto o babasahin" ay may mean na 4.42 at may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon (SA). At ang pamantayang, "nagaganyak ang sarili na magkaroon ng dedikasyon sa pagkamit ng layunin" ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.32 na may deskripsyon na Sumasang-ayon (SA). Sa kabuuan, ang weighted mean na 4.51 at may deskripsyon na Lubos na Sumasang-ayon o LSA.

Binigyang-diin nina Gajero, A., et. al. (2021), na ang mga mag-aaral ay humusay sa pagbabasa sapagkat ito ay nakasanayan na nilang gawin sa pang-araw-araw nilang buhay, nakikita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat naging bihasa sa pakikipagtalastasan at pakikipagkolaborasyon ang mga mag-aaral sa kapwa nila mag-aaral. Pinatotohanan naman ni Apostol, A., Garcia, C., & Perez, C. (2021), na tumaas ang kalidad ng pag-unawa ng

mga mag-aaral sa pagbabasa dahil sa mas lumawak ang imahinasyon batay sa nabasang teskto kaugnay sa ipinatupad na interbensyon sa pagbasa. Sinabi rin nina Garzon, C., et. al. (2021), na nahasa ang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa dahil sa nasuri ng mga mag-aaral ang nilalaman ng teksto at nabigyan ng kaugnay na pagtugon ito. Pinatunayan din ito batay sa pag-aaral ng *Department of Mines, Industry, Regulation, and Safety of Western Australia* (n.d.), ang nagsabing ang kakayanan ay kinakailangan upang maging matagumpay na maisagawa ang nais na makamit ng isang indibidwal.

Sa pagsasagawa ng interbensyong pagbasa ipinakita ng mga mag-aaral na mas nadagdagan ang kasanayan batay sa natamong resulta.

Talahanayan 12. Resulta ng Anim na Linggong Pagsasagawa ng Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong para sa Pagpapaunlad ng Kakayahan ng mga Mag-aaral

| Antas ng Pag-unlad | Antas ng Pag-unlad Kada Linggo | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Unang Linggo | Ikalawang Linggo | Ikatlong Linggo | Ikaapat na Linggo | Ikalimang Linggo | Ikaanim na Linggo |
| *Independent* o Malayang Nakababasa | 70 | 110 | 117 | 149 | 256 | 312 |
| Instraksyunal na Nakababasa | 90 | 99 | 120 | 122 | 56 | 0 |
| Hindi Nakababasa o *Frustration* | 160 | 103 | 75 | 41 | 0 | 0 |
| Kabuuang Bilang ng Mag-aaral | 312 | 312 | 312 | 312 | 312 | 312 |

Makikita sa Talahanayan 12 ang resulta ng anim na linggong pagsasagawa ng Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong para sa pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral. Sa unang linggo ng interbensyon, may 70 na mga mag-aaral ang nasa lebel ng pag-unlad na *Independent* o Malayang Nakababasa, 90 naman ang nasa lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 60 ang nasa lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o *Frustration*. Sa ikalawang linggo, may 110 na sa mga mag-aaral ang nasa lebel ng pag-unlad na Independent o Malayang Nakababasa, 99 naman ang nasa lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 103 ang nanakuha ng lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o Frustration. Sa ikatlong linggo, may 117 na mga mag-aaral ang nasa lebel ng pag-unlad na *Independent* o Malayang Nakababasa, 120 naman ang nasa lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 75 ang nanatili sa lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o *Frustration*. Sa ikaapat na linggo, may 149 na mga mag-aaral ang nasa lebel ng pag-unlad na Independent o Malayang Nakababasa, 122 naman ang nakakuka ng lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa, at 45 ang nanatili sa lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o Frustration. Sa ikalimang linggo ng interbensyon, may 256 na mga mag-aaral nasa lebel ng pag-unlad na Independent o Malayang Nakababasa. 56 naman nasa lebel ng pag-unlad na Instraksyunal na Nakababasa. Samantalang, wala nang nasa lebel ng pag-unlad na Hindi Nakababasa o *Frustration*. Sa ikaanim na linggo ay may 312 na mga mag-aaral ang nasa ng lebel ng pag-unlad na *Independent* o Malayang Nakababasa.

Ang susunod na talahanayan ay tungkol sa mga kabuuang pag-unlad na natamo sa pagbabasa matapos isagawa ang proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong.

Talahanayan 13. Kabuuang Pag-unlad na Natamo sa Pagbabasa

| Pag-unlad na Natamo sa Pagbabasa | Weighted Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Kasanayan | 4.61 | LSA |
| Kaalaman | 4.60 | LSA |
| Kakayahan | 4.51 | LSA |
| Grand Mean | 4.57 | LSA |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Lehende | 4.50-5.00 | - | Lubos na Sumasang-ayon (LSA) |
| | 3.50-4.49 | - | Sumasang-ayon (SA) |
| | 2.50-3.49 | - | Hindi Sumasang-ayon (HSA) |
| | 1.50-2.49 | - | Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LHS) |
| | 1.00-1.49 | - | Walang Komento (WK) |

Makikita sa Talahanayan 13, kabuuang pag-unlad na natamo sa pagbabasa batay sa kaalaman, kasanayan, at kakayahan ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.61 na may deskripsyon na LSA, ang pamantayang "kasanayan". Nakakuha naman ang pamantayang, "kaalaman" ng weighted mean na 4.60 na may deskripsyon na LSA din. At ang pamantayang, "kakayahan o abilidad" na bagamat nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.51 ay may deskripsyon pa ring LSA. Sa kabuuan, ang grand mean na 4.57 ay may deskripsyon na LSA.

Sa kabuuang pag-unlad na natamo sa pagbabasa nagkamit ng unang ranggo batay sa lumabas sa sarbey ang kasanayan, ikalawa ang kaalaman, at ikatlo ang kakayahan. Sa interbensyon o planong pagpapaunlad sa pagbasa ay higit na nagtamo ng pinakamataas na pag-unlad sa pagbasa ang mga mag-aaral sa kasanayan, sumunod ang pagtatamo ng mataas na pag-unlad sa kaalaman, at panghuli, pag-unlad sa kakayahan.

**KONKLUSYON**

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

Ang mga mag-aaral na nasa antas na "Hindi Nakakabasa" o nasa *"Frustration Level"* sa isang paaralan sa Caloocan City ay may di ganap na kalagayang pangkasanayan sa pagbabasa at nagpahayag na nahihirapang unawain ang mensahe, ideya, at salita sa tekstong kanilang binabasa; nagkakaroon ng mababang marka sa mga inihandang pagsusulit sa maunawang pagbasa; may mababang komprehensiyon at nagpapakita ng kakulangan sa semantikang pag-unawa dahil sa kakapusan sa pagbibigay ng kahulugan ng mga salita. Gayunpaman, ang mga banggit na mag-aaral ay nagsasabing naglalaan ng pambili, may akses sa nakalimbag at digital na pormat ng babasahin at may kakayahang pumili ng mga babasahin na premyado at gawa ng kilalang awtor. Ang ganitong mga kalagayan ang isinaalang-salang sa pagbuo ng interbensyong proyekto sa pagbasa.

Ang interbensyong materyal ay pinangalanang Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong ay naglalayong gawing mahuhusay at makabuluhan ang mga mag-aaral na nahihirapan bumasa. Ang proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong bilang Interbensyong Materyal ay binuo upang matulungan ang mga mag-aaral na nasa antas ng *"Frustration Level"* na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa. Naglalaman ang programang Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong ng mga babasahin na teksto mula sa mga premyadong manunulat, *National BestSeller, Award Winning Works, Noble Prizes, Palanca Awards,* atbp. Ang materyal ay may limbag at digital na pormat upang ikonsidera ang aksesibilidad sa mag-aaral. Sa pagsasapraktika ng proseso ng pagpapaunlad sa pagbasa ay katuwang ng mananaliksik ang mga magulang gayundin ang mga guro ng paaralan. Bunga ng proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong ay napaunlad ang pagbabasa ng mga mag-aaral.

Matapos isagawa ang proyektong Husay, at Galing sa Kasanayan sa Pagbasa ay Isulong ay kinakitaan ng pag-unlad sa kaalaman, kasanayan at kakayahan o abilidad ang mga mag-aaral.

Para sa pag-unlad pangkaalaman, lubos na sinang-ayunan ng mga mag-aaral na natutuklasan na nila ang mga makabuluhang mensahe sa binasang teksto o akda; nalalaman ang iba't ibang konsepto na ginamit ng may-akda sa babasahin; nakikilala ang mga kahulugan ng mga salita sa isang pahayag; nauunawaaan ang kaisipang nakapaloob sa isang pahayag; at, nakakakuha ng mga ideya, kaisipan at damdamin ng mga mambabasa.

Para naman ipakita ang pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral, lubos na sang-ayon ang mga mag-aaral na nahasa at napataas ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa pamamagitan ng pagbabasa; nagagamit ang mga kasanayan sa pang-araw-araw na buhay; at, nakapagbabahagi ng mga bagong opinyon at interpretasyon kaugnay ng nabasang akda.

May pag-unlad din sa kakayahan o abilidad ang mga mag-aaral na lubos na sumang-ayon na naipamamalas na ang talent at kakayahan sa mabisang pakikipagtalastasan at pakikipagkolaborasyon; napamumunuan nang maayos at epektibo ang samahan na may layuning masolusyonan ang napapanahong isyu sa lipunan; nagaganyak na magkaroon ng dedikasyon sa pagkamit ng layunin; at, napallalawak ang imahinasyon batay sa kanyang mga nabasang teksto o babasahin. Ang mga banggit na pag-unlad ay natamo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Pasalitang Maunawang Pagbasa, Tahimik na Maunawang Pagbasa at Pakikinig na Maunawang Pagbasa.

**Rekomendasyon.**

Batay sa mga natuklasan at kongklusyong nabuo ng mananaliksik, mahalaga na imungkahi ang mga sumusunod:

Mahalaga ang resulta ng pagtataya upang magkaroon ng salalayan sa bubuuing interbensyon o planong pagpapaunlad, lalo na sa pagbabasa. Kaya naman nararapat na gamiting batayan ang mga sitwasyong matutuklasan para sa pagbuo ng anumang planong interbensyon.

Ang suporta ng magulang ay nararapat na palaging ipagkaloob lalo na sa mga anak na hindi nakababasa. Maaaring humantong sa mas mabigat pang suliranin sa isang mag-aaral kung walang suportang matataggap mula sa miyembro ng pamilya.

Marapat na magkaroon ng layunin sa anumang isasagawang proyektong interbensyon at nang sa huli ay makita ang pag-unlad na susukatin.

Sapagkat ang pananaliksik ay sumaklaw lamang sa isang mataas na paaralan sa Caloocan City, maaaring magsagawa pa ng mga kaugnay na pananaliksik at nang sa gayon ay makatuwang sa pagpapahusay pang lalo ng mga kabataang Pilipino.

**SANGGUNIAN.**

Briones, L. (2018) DepEd welcomes PISA results, recognizes 'gaps' in education quality. Programme for International Student Assessment (PISA). Philstar Global Corporation. Taguig City. T.C. https://www.philstar.com/headlines/2019/12/04/1974229/depedwelco-mes-pisa-results-recognizes-gaps-education-quality/amp/

Hashemi, A., Mobini, F., & Karimkhanlooie, G. (2016). The impact of content-based pre-reading activities on Iranian high school EFL learners' reading comprehension. Journal of Language Teaching and Research, 7(1), p-137-145. https://www.doi.org/10.17507/jltr.0701.15

Kamasak, R., & Soyaltin, T. E. (2021) Promoting the effectiveness of language teaching through online academic word lists and extensive reading in the COVID-19 pandemic. Digital Pedagogies and the Transformation of Language Education, 165-182. https://www.doi.org/10.4018/978-1-7998-6745-6.ch009

Marquez, M. T., & Vicente, M. (2018). Mga salik na nakakaapekto sa relasyon ng anak sa magulang. The Lady Mediatrix Institute, Inc. https://www.academia.edu/36234290/Mga_Salik_na_Nakakaapekto_sa_Relasyon_ng_Anak_sa_Magulang_2018_

McCracken, L. M. & Scott, W., (2018). Motivation from the perspective of contextual cognitive behavioral approaches and the psychological flexibility model. Edisyon nina Karoly, P. & Crombez, G., Motivational perspectives on chronic pain: Theory, research, and practice. Oxford University Press, p. 511-536 https://academic.oup.com/book/27506/chapter-abstract/197456558?redirectedFrom=fulltext

Mullis, I. V.S., Pierre, F., & Drucker, K. T. (2012). PIRLS 2011 Mga resulta sa Internasyonal na Pagtatasa sa Pagbasa. International Association for the Evaluation of Educational Achievement https://eric.ed.gov/?id=ED544362

Pierre, F., Laroche, S. & Joncas, M. (2016) Mga pamamaraan at disenyo sa PIRLS. TIMSS & PIRLS International

Study Center, United States of America, USA https://timssandpirls.bc.edu/publications/pirls/2016-methods/P16_Methods_and_Procedures.pdf

Proctor, R.W., & Capaldi, E. J. (1994) The Mind's We: Contextualism in Cognitive Psycholoy by Diane Gillespie. The American Journal of Psychology, 107(1), 134-139. https://doi.org/10.2307/1423296

Sencibaugh, J. (2017) Meta-analysis of reading comprehension interventions for students with learning disabilities: Strategies and implications. Reading Improvement, 44(1), 6-22. https://eric.ed.gov/?id=EJ765530

Sharma, D. (2021). Reading and rewriting poetry on life to survive the COVID-19 pandemic. Journal of Poetry Therapy, 34(2), 95-108. https://doi.org/10.1080/08893675.2021.1899631

Smith, F. (n.d.) Understanding Reading: A Psycholinguistic Analysis of Reading and Learning to Read (6th Edition). Nilimbag ng Hillsdale, NJ: Lawrence Erlbaum Associates Publisher, 1988, p.22. http://www.arvindguptatoys.com/arvindgupta/smith-understanding-reading.pdf

Stickelberger, J., & Vogler, M. (2020) Publishing and reading in the times of pandemic. VOEB-Mitteilungen 73 (3-4), P. 488-495 https://pesquisa.bvsalud.org/global-literature-on-novel-coronavirus-2019-ncov/resource/en/covidwho-1106745

Tafanao, T., & Purba, B. M. (2021) Teachers and Technology: Christian Education Teacher Strategies in Implementing Online-based Learning in Pandemic Times. Indonesian Journal of Instructional Media and Model, 3(2), 66-74. https://www.doi.org/10.32585/ijimm.v3i2.996

Tizon, J. G., Almeda, J. V., Mapa, D. S., et. al. (2017) Survey on book readership, reading, attitudes, and reading preferences. National Book Development Board. Nilimbag ng The Philippine Book Publishing Industry, Fairview, Q.C. https://booksphilippines.gov.ph/nbdb-readership-survey/